# Mga Karapatan sa Pagpapalaglag sa Estado ng Washington

| May legal kang karapatan na piliing magpalaglag | May legal kang karapatan na magpasyang magkaanak | Walang ibang makakapagpasya para sa iyo, kahit na wala ka pa sa edad na 18 |
|---|---|---|

## Legal ang pagpapalaglag sa Estado ng Washington

Kung kailangan mo ng mga serbisyo ng pagpapalaglag, ang Northwest Abortion Access Fund (Pondo para sa Access sa Pagpapalaglag ng Northwest) (nasa wikang Ingles lang) at ang National Abortion Federation (Pambansang Pederasyon sa Pagpapalaglag) (nasa wikang Ingles lang) ay nagpapanatili ng kumpletong listahan ng mga provider ng pagpapalaglag sa Estado ng Washington.
Sa mga klinikang pinopondohan ng Washington State Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington), ang Cedar River Clinics (nasa wikang Ingles lang) at apat na Planned Parenthoods (Mga Planadong Pagiging Magulang) (nasa wikang Ingles lang) ang nagbibigay ng mga serbisyo ng pagpapalaglag.

## Sino ang mapagkakatiwalaan kong magsagawa ng pagpapalaglag?

Ang mga doktor, nurse practitioner, physician assistant, o iba pang provider na kumikilos ayon sa kanilang saklaw ng pangangalaga at lisensiyado sa Washington ay ang tanging mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na maaaring magsagawa ng pagpapalaglag sa estadong ito. Kung gusto mong malaman ang iyong mga opsiyon, puwede kang tumawag sa klinika para sa kalusugan sa reproductive (nasa wikang Ingles lang) na pinakamalapit sa iyo. Bibigyan ka ng mga klinikang ito ng impormasyon tungkol sa lahat ng opsiyon para tulungan kang magawa ang pinakamahusay na desisyon para sa iyo. Pakitandaan na posibleng subukan ng 'mga sentro para sa krisis sa pagbubuntis' na impluwensiyahan ang iyong desisyon sa kung aling opsiyon ang dapat piliin.

## Paano ko babayaran ang pagpapalaglag?

Inaatasan ng batas ng estado ng Washington na saklawin din ang pagpapalaglag sa karamihan ng plano ng insurance sa kalusugan na sumasaklaw sa pangangalaga sa pagbubuntis (na tinutukoy bilang 'pangangalagang maternity'). Hinihikayat ka naming talakayin ang sitwasyon mo sa iyong provider o klinika sa pagpapalaglag.

Kung mayroon kang Providence Large Group Health Plan (Planong Pangkalusugan para sa Malaking Grupo ng Providence) na ibinibigay sa pamamagitan ng isang employer sa estado ng Washington, babayaran ng Department of Health ang iyong mga serbisyo ng pagpapalaglag. Tingnan ang aming page na Pagpaparami ng Access sa Opsiyon sa Reproductive (nasa wikang Ingles lang) upang makuha ang saklaw na ito. Maaaring bayaran ng Department of Health ang iyong pagpapalaglag kung wala kang insurance. Alamin sa iyong provider o klinika sa pagpapalaglag. Sinasaklaw rin ng Apple Health Managed Care Plan (Plano ng Pinapamahalaang Pangangalaga ng Apple Health) (nasa wikang Ingles lang) at Apple Health for Pregnant Women (Apple Health para sa Mga Babaeng Buntis) (nasa wikang Ingles lang) ang mga serbisyo ng pagpapalaglag, pangangalaga pagkatapos magpalaglag, at pagpaplano ng pamilya pagkatapos magpalaglag.

Kung hindi ka kuwalipikado para sa Apple Health (Medicaid) at hindi ka sigurado kung may saklaw ka o hindi mo alam kung paano mo mababayaran ang mga serbisyo ng pagpapalaglag, tawagan ang klinikang interesado ka at ipaalam sa kanila kung hindi ka sigurado kung paano magbabayad o hindi ka sigurado sa status ng iyong insurance. Matutulungan ka nilang maunawaan ang iyong saklaw, ang halaga ng serbisyo, at kung may makukuhang tulong.

## Paano ko mapapanatiling pribado ang impormasyon tungkol sa pagpapalaglag ko?

Sa Washington, may pang-estadong batas na nagbibigay sa iyo ng dagdag na proteksiyon sa privacy para sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan, kasama na ang pagpapalaglag. Kailangan mong ipaalam sa iyong kumpanya ng insurance kung paano ka nila makakausap. Kung hindi, ipapadala nila ang impormasyon mo sa taong nagbabayad ng iyong insurance.

Upang magawa ito, puwede mong i-print, sagutan, pirmahan, at ipadala ang Confidentiality Request Form (Form ng Paghiling sa Pagiging Kumpidensiyal) (nasa wikang Ingles lang) (PDF) sa iyong kumpanya ng insurance sa kalusugan. Puwede mo ring tawagan ang iyong kumpanya ng insurance upang hilingin ang pagiging kumpidensiyal. Tingnan ang webpage ng Office of the Insurance Commissioner (Tanggapan ng Komisyonado sa Insurance) (nasa wikang Ingles lang) para sa higit pang impormasyon.

Washington State Department of Health

DOH 141-054 June 2022 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga costumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.